GRADES 1 to 12 DAILY LESSON LOG	School:		Grade Level:	VI	
	Teacher:	*Credits to the Writer of this DLL*	Learning Area:	FILIPINO	
	Teaching Dates and Time:	MAY 22-26, 2023 (WEEK 4)	Quarter:	4TH QUARTER	

	MONDAY	TUESDAY	WEDNESDAY	THURSDAY	FRIDAY
I. OBJECTIVE/S					
Content Standard	Naipamamalas ang kakayahan sa mapanuring pakikinig at pagunawa sa napakinggan. Naipamamalas ang kakayahan at tatas sa pagsasalita at pagpapahayag ng sariling ideya, kaisipan, karanasan at damdamin, Naisasagawa ang mapanuring pagbasa sa iba't ibang uri ng teksto at napapalawak ang talasalitaan. Naipamamalas ang iba't ibang kasanayan upang maunawaan ang iba't ibang teksto				
Performance Standard	Nakagagawa ng dayagram, dioarama at likhang sining batay sa isyu o paksang napakinggan. Nakapagsasagawa ng radio broadcast/teleradyo, sabayang bigkas, reader's theatre o dula-dulaan. Naiguguhit ang mensahe ng binasang teksto at nakagagawa ng orihinal na rap batay sa mensahe ng binasang teksto. .Nakasusulat ng iskrip para sa radio broadcasting, teledyaryo, editorial, lathalain o balita.				
Learning Competencies(write the LC Code)	Nasasagot ang mga literal na tanong tungkol sa napakinggang talata F6PN-IVd-3.1	Nagagamit ang m agagalang na Pananalita sa Pagpapahayag ng Damdamin **F6PS-IVd-12.24**	Nagagamit sa usapan at iba't ibang sitwasyon ang mga uri ng pangungusap. **F6WG-Iva-j-13**		
II. CONTENT	Literal na Tanong Tungkol sa Napakinggang Talata F6PN-IVd-3.1	Paggamit ng Magagalang na Pananalita sa Pagpapahayag ng Damdamin	Paggamit sa Usapan at Iba't Ibang Sitwasyon ng mga Uri ng Pangungusap		LINGGUHANG PAGSUSULIT
III. LEARNING RESOURCES					
References					
TG/CG pages		Curriculum Guide 6, pahina 128	Curriculum Guide 6, pahina 128		
Learner's Materials pages					
Textbook pages		Landas sa Wika 6, pp. 70-75			
Materials downloaded from LRMDS					
Other Learning Materials	LED TV, projector. Laptop	Projector, Laptop, plaskards, Slide deck	LED TV, PLASKARDS		
IV. PROCEDURES					
Reviewing previous lesson and presenting new lesson	(Reflective Approach) Balik-aral : Anu-ano ang mga paraan sa pagsulat ng balitang pang-isport Anu-ano ang mga katangiang dapat taglayin ng isang manunulat ng balitang isport?	(Reflective Approach) Balik-aral: Ano ang tinatawag na talata? Ipabasa ang layunin sa mga bata. Layunin: Nagagamit ang magagalang na pananalita sa pagpapahayag ng damdamin.	Balik-aral : Laro: Hep-hep- hoorey. (Reflective Approach) Panuto: Basahin ang mga sumusunod na mga pangungusap. Isigaw ang HOOREY kung nagpapahayag ng magalang na pananalita at HEP-HEP kung hindi nagpapahayag ng magalang na pananalita. 1.Umalis ka na. 2. Magandang umaga po sa inyong lahat. 3. Maari po bang magtanong? 4. Sige,ikulong mo ang taong iyan. 5. Ipagpaumanhin po ninyo.		
Establishing a purpose for the lesson	Laro: (Collaborative Approach)	(**Constructivist Approach)**	Ano ba ang tinatawag na pangungusap?		

	Panuto: Ipabuo ang mga halu-halong letra at iaskel sa pisara ang salitang nabuo. **ALTAAT** Tanong: Ano ang nabuo ninyong salita? Ipabasa sa mga bata ang layunin. **Layunin: Nasasagot ang mga literal na tanong tungkol sa napakinggang talata.**	Ano ang magagalang na salita ang ginagamit natin sa pakikipag-usap natin?	Layunin: Nagagamit sa usapan at iba't ibang sitwasyon ang mga uri ng pangungusap  Tanong: 1.Tungkol saan ang mga usapan? 2. Sa unang usapan, anong uri kaya ng pangungusap ito? 3. Sa ikalawang usapan , anong uri ng pangungusap ito? 4.Sa ikatlong usapan, anong uri kaya ng pangungusap ito? 5. Sa ikaapat na usapan , anong uri ng pangungusap ito? 6. Ano ang pasalaysay na pangungusap? Ang patanong? Pautos? pakiusap? Ang padamdam na pangungusap? Magbigay ng halimbawa ng pangungusap na pasalaysay, pautos, pakiusap, padamdam at patanong.	
Presenting examples/instances of the lesson	Ang Kahalagahan ng Edukasyon Ang pagkakaroon ng isang mataas at matibay na edukasyon ay isang saligan upang mabago ang takbo ng isang lipunan tungo sa pagkakaroon ng isang masaganang ekonomiya. Mataas na edukasyon na hindi lamang binubuhay ng mga aklat o mga bagay na natutunan sa ating mga paaralan. Bagaman, kasama ito sa mga pangunahing elemento upang magkaroon ng sapat na edukasyon, ang praktikal na edukasyon na nakabase sa ating araw-araw na pamumuhay ang siya pa ring dapat na piliting maabot. Matibay ang isang edukasyon kung ito ay pinagsamang katalinuhan bunga ng mga pormal na pag-aaral tungkol sa Mathematics, Science,	Basahin ang maikling diyalogo. Pulis : Psst. Hoy! Huli ka, huwag kang tumakbo. Caloy : Bakit po? Ano po ba ang nagawa kong kasalanan? Pulis: Hindi mo ba alam na bawal tumawid diyan? Caloy: Naku! paumanhin po. Akala ko po ay maari ditong tumawid. Pulis: Alam mo bang may kaparusahan sa iyong ginawa? Caloy: Naku! Pasensya na po kayo. Mangyari po kasi may nauna ng matandang babae po ang tumawid dito kaya po sumunod po ako. Pulis: Ang pinapayagan lang dito ay ang matatandang babae o lalaki na hindi na pwedeng dumaas o umakyat sa itaas. Caloy: Ganoon po ba? May pilay po ako sa tuhod at hindi ko rin po kayang umakyat sa mataan na		

	English at mga bagay na tungkol naman sa buhay at kung paano mabuhay ng maayos.  Tanong: 1.Tungkol saan ang inyong binasang talata? 2.Batay sa talata, paano tayo magkakaroon ng masaganang ekonomiya? 3.Paano magiging matibay ang ating edukasyon? 4.Anu-ano ang kahalagahan ng edukasyon sa bawat kabataan? 5.Ano ang pangunahing layunin ng pagkakaroon ng edukasyon? 6.Bilang isang mag-aaral, bakit kailangan ninyo ang tamang edukasyon? Pangatwiranan.	daanan. Maari po kaya kung ngayon lamang habang ako po ay hindi pa lubusang magaling? Pulis : Ah, ganon ba? Sige maari ka naming pagbigyan ngayon pero sa oras na ikaw ay gumaling , kailangan mong sumunod sa batas-trapiko. Caloy: opo, Sir. Marami pong salamat. Tanong: 1.Tungkol saan ang diyalogo? 2.Bakit hinuli si Caloy? 3.Paano sumsagot si Caloy habang kinakausap siya ng pulis? 4.Anu-ano ang magagalang na salita ang ginamit ni Caloy? 5.Bilang isang bata at mag-aaral, paano ninyo kakausapin ang isang pulis kung kayo ang nasa sitwasyon ni Caloy? Ipaliwanag.		
Discussing new concepts and practicing new skills #1	Panuto: Basahin ang talata at sagutin ang mga sumusunod na tanong. Mukha at Kahulugan ng Pasko  Tanong: 1.Anu-anong mga krisis ang naranasan ng mga Pilipino? 2.Anu-ano ang iba’t ibang paraan ng pagdiriwang ng Pasko sa Pilipinas?	Pangkatang Gawain: (Collaborative Approach) Pangkat I – Dula-dulaan Pangkat 2 - Teleradyo Pangkat 3- Sabayang pagbigkas		

	3.Sa inyong pang-unawa, ano ang ibig sabihin ng “Mukha ng Pasko”. Ipaliwanag. 4.Bakit tayo nagdiriwang ng Pasko? Pangatwiranan. 5.Sa inyong pang-unawa, ano ang diwa ng Pasko ?			
Discussing new concepts and practicing new skills #2		Panuto: Gamitin ang mga sumusunod na magagalang na pananalita sa pagpapahayag ng saloobin. 1.Maaari po ba? 2.Paumanhin po. 3.Sana po. 4.Ikinalulungkot ko po. 5.Maraming salamat po.		
Developing mastery (lead to formative assessment 3)	Panuto: Pakinggang mabuti ang talatang babasahin at sagutin ang sumusunod na tanong.  Ang Kahalagahan ng pamilya Tanong: 1.Ayon sa kuwento, ano ang kahalagahan ng pamilya? 2.Bakit meron mga kabataang napapariwa? 3.Sa inyong palagay, anu-ano ang dahilan ng broken family? 4.Bilang isang mag-aaral, ano ang kahulugan sa iyo ng isang “Buong pamilya”? Pangatwiranan. 5.Mahalaga ba na buo ang isang pamilya? Bakit? Ipaliwanag.		Pangkatang Gawain Panuto: Gamitin sa usapan at iba’t ibang sitwasyon ang mga uri ng pangungusap. Pangkat 1- Magpapalano kayong magkakaibigan na mag piknik. Pangkat 2- Usapan tungkol sa inyong gagawing “Documentary Movie” Pangkat 3- Sasali kayo sa patimpalak ng Group Dance Contest” sa pista sa inyong bayan.	
Finding practical application of concepts and skills in daily living		Panuto: Gamitin ang mga sumusunod na magagalang na	Panuto: Tukuyin ang uri ng pangungusap ayon sa gamit: Pasalaysay, Pautos o Pakiusap, Patanong at Padamdam. Lagyan ng tamang bantas. 1. Mabilis akong tumakbo sa bintana at sumilip ako__ __2. Maari po ba	

		pananalita sa pagpapahayag ng saloobin. Payag po ako. Tumututol po ako. Walang anuman . Pakikuha po. Magandang umaga po!	akong humiram ng pera_ __ 3. Sige, Gina, patuluyin mo_ __ 4. Dito na ba sila patitirahin_ __ 5. Naku_ may sunog_ __	
Making generalization and abstractions about the lesson	Ano ang tinatawag na talata? Ang talata ay binubuo ng isang pangungusap o lipon ng mga pangungusap na naglalahad ng isang bahagi ng isang buong pagkukuro, palagay, o paksang-diwa. -.	Ang magagalang na pananalita ay ginagamit sa iba't ibang paraan. Sa kabuuan, ang paggamit ng mga ito ay nagpapakita ng respeto at paggalang sa kausap. Narito ang ilang mga magagalang na pananalita at kung kailan sila ginagamit: po, ho, opo (pangsagot sa tanong o tawag) Makikiraan (po) (pakikiraan) Salamat (po) (pagpapasalamat) Maaari (po) ba? (paghingi ng pahintulot) Walang ano man. (pagsasagot sa pasasalamat) Magandang umaga/hapon/gabi/araw (po) (pagbati) Pasensiya na (po) (paghingi ng paumanhin) Paki… (paghingi ng pabor o tulong)	Pangungusapay lipon ng mga salita na buo ang diwa. Binubuo ito ng panlahat na sangkap, ang simuno at panag-uri MGA URI NG PANGUNGUSAP 1. Pasalaysay -Pangungusap na nagkukwento o nagsasalaysay. Ito ay nagtatapos sa tuldok (.) 2. Pautos -Nagpapahayag ng obligasyong dapat gawin. Nagtatapos din ito sa tuldok (.). 3. Pakiusap -Pangungusap na maaring nagsasaad ng paghingi ng pabor. Pakiusap - Ginagamitan ng magagalang na Salita upang makiusap. Maaring nagtatapos sa tuldok o tandang pananong (./?) 4. Patanong - pangungusap na nagsisiyasat o naghahanap ng sagot at nagtatapos sa tandang pananong (?). 5. Padamdam - Nagsasaad ng matinding damdamin tulad ng tuwa, takot o pagkagulat. Nagtatapos ito sa tandang panamdam (!) .	
Evaluating learning	Panuto: Sagutin ang mga tanong tungkol sa napakinggang talata. Ang Aking Pangarap 1.Ayon sa talata, ano ang pangarap ng awtor ng talata? 2.Ano ang dahilan bakit gusto niyang makatapos ng pag-aaral? 3.Bakit hindi siya makahanap ng trabaho? 4.Ano ang sinasabi palagi ng kanyang ina ?	Panuto: Gamitin ang sumusunod na magagalang na pananalita sa pagpapahayag ng saloobin. 1.Masayang-masaya po ako… 2.Nalulungkot po ako…. 3.Naniniwala po ako na… 4.Pasensiya nap o dahil… 5.Natutuwa po ako kasi…	Panuto: Bumuo ng 5 pangungusap at gamitin sa pangungusap ang mga uri ng pangungusap. 1. 2. 3. 4. 5.	

	5.Bakit mahalaga ng magkaroo tayo ng pangrarap sa buhay? Ipaliwanag ang iyong sagot.			
Additional activities for application or remediation	Sumulat nang isang talata tungkol sa iyong pangarap sa buhay. Basahin ito sa harap ng klase	Panuto: Sumulat ng 5 pangungusap gamit ang magagalang na pananalita sa pagpapahayag ng inyong damdamin tungkol sa Batas-Militar o Martial Law.	Panuto: Bumuo ng 5 pangungusap at gamitin sa pangungusap ang mga uri ng pangungusap.	
V. REMARKS				
VI. REFLECTION				
No. of learners who earned 80% in the evaluation				
No. of learners who acquired additional activities for remediation who scored below 80%				
Did the remedial lessons work? No. of learners who have caught up with the lesson.				
No. of learners who continue to require remediation.				
Which of my teaching strategies worked well? Why did these work?				
What difficulties did I encountered which my principal can help me solve?				
What innovation or localized materials did I used/discover which I wish to share with other teachers?				